

Ukol sa karagdagang hakbang para sa biosecurity sa muling pagpasok nang isang Banyagang Dayuhan na lumabas ng Bansang Hapon na may taglay na permiso ng muling pagpasok.

As of July 31, 2020

Ang mga Banyagang Dayuhan na lumabas ng Bansang Hapon na may taglay na permiso na muling makapasok (kasama ang espesyal na permiso na makapasok o special re-entry permit) at muling pumasok ng Bansang Hapon sa loob o pagkaraan ng Agosto 5 ay masasakop sa ilalim ng karagdagang hakbang para sa biosecurity batay sa petsa ng muling pagpasok o date of re-entry, ayon sa Banghayan na nasa talaan ibaba.

Sa muling pagpasok, bilang karagdagan sa “Sulat Ng Pagpapatotoo Na Mga Kailangang Ibigay Na mga Dokumento upang muling makapasok sa Bansang Hapon” na nakuha mula sa Japan overseas diplomatic mission sa inyong Bansa o lugar kung saan ang Banyagang Dayuhan ay nananatili, Ang mga Banyagang Dayuhan ay kailangan rin na magprisinta ng katibayan na sila ay sumailalaim sa pagsusuri at Negatibo sa COVID-19 na isinagawa sa loob ng 72 oras bago umalis. [This template](#), o Suleras na sinulatan at pinirmahan nang isang medikal na institusyon ay isaaalang-alang at may bisa. Isang pang opsyonal na paraan ng dokumento na may kalakip na impormasyon sa wikang Ingles ay maaari ring tanggapin:

- (1) Personal na impormasyon (pangalan, numero ng pasaporte, Kabansaan, araw ng kapanganakan , kasarian)
- (2) Katibayan ng awtentisidad na resulta ng pagsusuri ng COVID-19 (paraan ng pagsusuri para lamang sa mga nabanggit na pagsusuri na nabanggit sa template sa itaas (limitado lamang para sa paraan ng pagsusuri na nabanggit sa Template sa itaas,) resulta, petsa ng pagsusuri, petsa ng resulta, petsa ng paglabas ng resulta)
- (3) Impormasyon ng medikal institusyon (pangalan at address ng medikal institusyon (o doktor,) stamp seal ng medikal institusyon (o signatura ng doktor)

Pakibigay po ang negatibong resulta sa pagsusuri ng COVID-19 (o kopya) at ang “Sulat Ng Pagpapatotoo Na Mga kailangang Ibigay Na Dokumento para muling makapasok sa Bansang Hapon” sa opisyal ng Imigrasyon sa oras ng pagdating sa Bansang Hapon.

Kung hindi maibibigay ng isang Banyagang Dayuhan ang mga dokumento sa opisyal ng Imigrasyon, sila po ay tatanggihang papasukin dito sa Bansang Hapon batay sa Kautusan sa Pagpapatupad Ng Batas Ng Imigrasyon at Refugee Recognition Act. Bilang karagdagan, kung ang isang Banyagang Dayuhan ay papasok na may taglay na mga palsipikadong dokumento, mapapawalang bisa o babawiin ang kanilang taglay na permiso ng paglagi at mapipilitang ipailalim sa deportasyon batay sa Kautusan Sa Pagpapatupad Ng Batas Ng Imigrasyon at Refugee Recognition Act.

Petsa Ng muling pagpasok	Mga Banyagang Dayuhan sakop ng karagdagang hakbang ng biosecurity.
August 5 o August 6	A
August 7 hanggang August 31	A, B
Bago o lampas ng September 1	A, B, C

¹Hindi kasama ang mga Banyagong Dayuhan na may taglay na “Special Permanent Resident,” “Diplomat,” or “Official”

²Ang mga Banyagang Dayuhan na nabanggit sa talaan sa itaas ay ang mga sumusunod:

- Ang mga Banyagang Dayuhan na lumabas ng Bansang Hapon na may taglay na re-entry permit (kabilang ang special re-entry permit) para sa Bansa o lugar bago ang nasabing Bansa o lugar kung saan ang Banyagang Dayuhan ay nananatili, ay naging lugar na nasakop upang tanggihan ang paglapag o paglanding, at ang sinuman na sumasailalim sa Kategoryang B) o C) na nakasaad sa ibaba, at hindi papahintulutan ng muling pagpasok o re-entry dahil sa pagtataglay ng hindi pangkaraniwang kalagayan na may kaukulan sa indibiduwal na sitwasyon, gaya ng pangangailangan ng espesyal na makataong konsiderasyon o pagtingin.
- Ang mga Banyagang Dayuhan na naninirahan sa Pakistan, Bangladesh, Pilipinas, o Peru at lumabas ng Bansang Hapon na may taglay na re-entry permit (kabilang ang special re-entry permit) para sa nasabing Bansa o rehiyon bago naging lugar na nasakop upang tanggihan ang paglapag o paglanding, at may taglay na katayuan ng “Pirmihang Residente,” “Asawa o Anak Ng Isang Hapones,” “Asawa o Anak Ng Isang Pirmihang Residente,” o “Long Term Resident” (kabilang ang asawa o anak ng isang Hapones o pirmihang residente na nagrenew o dapat mag-renew o nag-aplay na ng status of residence subalit hindi pa natatanggap ito.)
- Ang mga Banyagang Dayuhan na naninirahan sa isang Bansa o rehiyon bukod sa Pakistan, Bangladesh, Pilipinas, o Peru, at lumabas ng Bansang Hapon na may taglay na re-entry permit (kabilang ang special re-entry permit) para sa mga nasabing Bansa o rehiyon bago naging lugar na nasakop upang tanggihan ang paglapag o paglanding, at may taglay na katayuan ng “Pirmihang Residente,” “Asawa o Anak Ng isang Hapones,” “Asawa o Anak Ng Isang Pirmihang Residente,” o “Long Term Resident” (kabilang ang Asawa o Anak Ng Isang Hapones o pirmihang residente na hindi pa natatanggap ang mga status of residence.)